Department of Environment and Natural Resources
Region IV - MIMAROPA
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**
Bgy. Sta. Monica, Puerto Princesa City

November 8, 2023

PAKSA: **KASAGUTAN SA SULAT-REKLAMO NA MAY TICKET REFERENCE NUMBER G20231024-899-3**

**TRINIDAD HAMORA VUELBA**
Purok Everlasting, Ilang-ilang Street
Bgy. Sta. Monica, Puerto Princesa City

phone call to Ms. Trinidad Hamora Vuelba @ 1:40 pm - 0946-742-4001 to be pick-up

**Gng. Vuelba,**

Isang maka-kalikasang pagbati!

Ito po ay ukol sa inyong sulat-reklamo sa tanggapan ng 8888 Citizen's Complaint Hotline na ibinaba at natanggap ng tanggapang ito noong ika-7 ng Nobyembre, 2023 patungkol sa parsela ng lupa na may numerong 2982, Cad. 800-D na matatagpuan sa Bgy. Sta. Monica, Puerto Princesa City, Palawan.

Ayon sa inyong ikalawang sulat-reklamo, ang mga sumusunod ay ang inyong mga katanungan at ninanais na mangyari:

1. "Kung hindi sila naging bias ay bakit nila ina-allow na anak lamang ng respondent ang magsalita at humarap sa amin?

   ***Kasagutan:***
   ***Ayon sa Certification to File Action mula sa Tanggapan ng Lupong Tagapamayapa ng Barangay Sta. Monica, Puerto Princesa City, ang inyong inirereklamo ay ang inyong kapatid na si Teresita Gabinete at asawa nito na si Jose Gabinete.***

   ***Kaya naman ang ginawang imbitasyon ng Tanggapang ito ay para sa nasabing mag-asawang Gabinete. Subalit ang anak nila na si Rachel Hamora Gabinete ay may ipinakitang "Waiver of Rights" mula kay Teresita Gabinete (with marital consent of Jose Gabuco Gabinete) na may petsang ika-20 ng Enero, 2023 na isinagawa sa harap ng Notaryo Publiko na si Atty. Edgar O. Palay. Dahil sa nasabing dokumento, walang dahilan para hindi payagan ng tanggapang ito ang pagharap ni Rachel H. Gabinete sa inyo para kaharapin ang inyong reklamo. Kalakip nito ang nasabing Waiver of Rights.***

2. "Bakit rin naging sunod-sunuran sila sa mga sinasabi ng anak ng respondent at wala silang pinakinggan sa panig namin?"

   ***Kasagutan:***
   ***Katanungan din po ang nais naming ipaabot sa inyo. Ang bawat isa ba sa inyo ay hindi binigyan ng pagkakataon ni ADRO Mildred Pascual na makapagsalita? Matatandaan na sa kagustuhan ni ADRO Pascual na maayos ang inyong sigalot sa mapayapang pamamaraan ay dalawang beses niya kayong ipinatawag. Ito ay noong Setyembre 13, 2023 at Setyembre 26, 2023. Ayon kay ADRO Pascual, kaharap kayo ng hiniling nya kay Rachel H. Gabinete na kung maaari ay makarating din sa ikalawang pag-uusap (Setyembre 26, 2023) ang kanyang ina na si Teresita Gabinete para bigyang-linaw ang ilang mga bagay-bagay. Subalit hindi ito dumalo sa ikalawang patawag.***

***Nais naming bigyang diin na ang isinagawang Alternative Dispute Resolution Proceeding ay boluntaryo lamang at hindi sapilitan, kung kaya't hindi maaaring pilitin ang sinuman na dumalo.***

3. "Ang gusto sana naming ay magharap-harap muli kami sa DENR-CENRO tungkol dito sa aming concern. Sana ay mayroon ng ibang mamagitan na magiging patas sa bawat panig. Sana rin ay mayroong mag-imbestiga kay Ma'am Mildred para sa naging aksyon niya habang namamagitan siya sa amin noon at makita sana nila ang mga pagkakamali sa mga ginawa niya".

   ***Kasagutan:***
   ***Nais naming ipabatid na bago maging isang Alternative Dispute Resolution Officer (ADRO) ang isang empleyado ng DENR ay dumadaan ito sa masusing pagsasanay. Sa tanggapang ito, tanging si ADRO Mildred Pascual lamang ang akreditado ng DENR ADR Committee.***

   ***Para sa usaping ito, kayo ay may dalawang paraan na pwedeng pagpipilian para pag-usapan at dinggin ang suliraning ito. Ito ay ang mga sumusunod:***

   1. ***Kung sakali na nais ninyo na muling subukan na ayusin ang inyong sigalot sa pamamagitan ng Alternative Dispute Resolution Proceedings ay maari kayong mag-usap sa harap ni ADRO Jimmy Villareal na isa ring akreditadong tagapamagitan mula sa Tanggapan ng PENRO.***

   2. ***Kung sakaling ang nais ninyo ay makapagpresenta kayo ng mga ebidensya na susuporta sa inyong mga "claims" ay maaari ninyong sundin ang mga nakasaad sa liham ng tanggapang ito sa inyo na may petsang ika-18 ng Oktubre 2023 na natanggap ni G. Noel Taotao noong ika-19 ng Oktubre, 2023, na nag-aabiso sa inyo na kayo ay magsumite ng pormal na protesta kalakip ang mga kinakailangang rekisito.***

Nawa ay lubos po ninyo kaming naunawaan.

Lubos na gumagalang,

**ALEXANDER E. MANCIO**
OIC-CENRO

May sipi:
1. 8888Citizens Complaint Hotline
   complaint@8888.gov.ph

2. PENRO Palawan

DENR MIMAROPA REGION
CENRO PUERTO PRINCESA
RELEASED
NO: 
DATE: 11-15-23
BY: